



T1: Parang nangangahulungan ito na hindi babaguhin ang palaruan, kundi ililipat lang. Totoo ba iyon? Akala ko, bahagi ng disenyo na palitan at pagandahin ito.

Sagot: Dapat lang na isaalang-alang na maglagay ng palaruan sa parke; pero malaya kang magmungkahi ng bagong mga gamit, layout, lokasyon, laki, atbp.

T2: Parang ipinapahiwatig ng sinabi mo sa una na gusto mo ng 11x17 na papel na may disenyo. Tama ba? Pero sinasabi nito na pinapasiglang gumamit ng ang mga video at iba pang pamamaraan. Gusto mo ba ng 11x17 na papel?

Sagot: Puwedeng ilagay sa 11x17 na papel ang mga isusumite (nakaimprenta o sa pamamagitan ng email – tingnan ang mga tagubilin). Ang layunin ay gumamit ng iba't ibang pamamaraan para ipaalam ang iniisip mo. Hindi hinihiling na ibigay ang lahat ng pamamaraang nakalista, o ganitong pamamaraan lang ang puwede.

T3: Hindi ako nagdidisenyo, arkitekto, o anumang malapit dito. Isa akong kapitbahay na nakatira ilang bloke mula sa parke. Paano makakapagmungkahi ang mga ordinaryong tao tungkol sa mga idadagdag sa parke?

Sagot: Bukas sa lahat ang pagkakataong ito. Isulat ang iniisip mo para ipaalam ito at gumamit ng pamamaraang gusto mo, ayon sa mga tagubilin. Puwede mong dalhin mismo ang isusumite mo o i-email ito – tingnan ang mga tagubilin.

T4: Bakit hindi maglagay ng paradahan ng sasakyan sa maliit na bahagi nito, at magbigay ng karagdagang accessible na espasyo sa natitirang bahagi nito?

Sagot: Handa kaming tumanggap ng anumang malikhaing ideya para sa mga iba't ibang espasyo, kasama ang mga paradahan. Puwede ring pumarada sa mga lugar na gaya ng mga itinalagang paradahan sa harapan ng parke.

T5: Puwede bang liitan ang kasalukuyang laki ng paradahan, para magamit ang espasyo sa ibang paraan?

Sagot: Tinatanggap din ang mga ideya na paliitin ang kasalukuyang laki ng paradahan. Mangyaring tingnan din ang sagot sa Tanong 4.





T6: Ang Design Brief ba ay disenyo ng kabuoan, o ginawa lang ito bilang basehan na aayusin pa ng isang design firm? Sa ibang salita, inaasahan mo bang makita ng Partner sa Disenyo ang kumpletong disenyo para sa parke sa Bahagi 2?

Sagot: Ang Bahagi 2 ng Pagkakataon na Magdisenyo ay para lang sa mga na-shortlist sa Bahagi 1 para palawakin ang isinumite nila sa Bahagi 1. Bibigyan sila ng pagkakataon na palawakin pa ito at itawid ang mahahalagang elemento ng kanilang iniisip na disenyo kung kailangan. Ang "Partner sa Disenyo" ang matagumpay na nagbigay ng proposisyon (finalist) sa katapusan ng Bahagi 2.

T7: Kumonsulta ba sa publiko ang bawat na-shortlist na Partner sa Disenyo para mas maunawaan ang konsepto nila, o kokonsulta lang sa komunidad kapag nakapili na ng Partner sa Disenyo?

Sagot: Hindi inaasahang kokonsulta sa publiko ang mga na-shortlist sa Bahagi 1. Ang Seattle Parks and Recreation (SPR) ang magtatanong sa komunidad kung kailangan pagkatapos ng Bahagi 1.

